

Setyembre 3, 2021
2021-21

Kautusang Tagapagpaganap

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA LABANAN ANG KAWALAN NG TIRAHAN SA ILLINOIS

SAPAGKAT, kinailangan ng Illinois na maging matatag, matulungin, at umaangkop sa COVID-19. Inilatag din ng pandemya ang mga pinakamalalim na bitak sa kayarian ng ating lipunan at pinalaki ang mga ito. Ang kawalan ng tirahan ay nagpapatuloy na isang laganap na hamon para sa ating Estado na may maraming mga kadahilanan kabilang ang kalusugan sa pag-uugali, pagbabalik, masaklap na karanasan, at mga karamdamang may kaugnayan sa pagabuso ng droga, pati na rin ang mga panlipunan at pangkapaligiran na pantukoy ng kahirapan, lahi, at edukasyon; at,

SAPAGKAT, ang kasalukuyang krisis ay lumikha ng mga sunod-sunod na kawalang-tatag ng ekonomiya na nakaapekto sa mga taga-Illinois na lubhang apektado sa kawalang-seguridad sa pabahay. Kinakailangan nito ang pagpapalakas ng mga pananggalang ng ating Estado upang ang kawalan ng tirahan ay maging isang karanasan na bihira, maikli, at hindi paulit-ulit. Ang tagumpay ay nangangailangan ng koordinasyon ng mga pagsisikap ng Estado upang ang mga taga-Illinois ay may access sa mga mapagsasanggunian na lubusang tumutugon sa kawalan ng tirahan; at,

SAPAGKAT, ito ay isang napakahalagang pagkakataon na tumindig sa pundasyong itinayo ng Illinois Commission on the Elimination of Poverty, at upang maisagawa ang isang matatag at maipagpapatuloy na solusyon sa kawalan ng tirahan. Ang pamana ng Illinois sa mga susunod na henerasyon ay isang Estado na pinahahalagahan ang dignidad ng buhay ng tao at ang karapatan para sa lahat na magkaroon ng bahay; at,

SAPAGKAT, ang Illinois ay may tinatayang 10,000 mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa anumang araw, kabilang ang mga pamilya, mga beterano, at mga ulilang kabataan na nasa hustong gulang, tulad ng iniulat ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga ng Estado sa Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran ng Estados Unidos noong Enero 2019; at,

SAPAGKAT, tinatayang 52,978 mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ng Illinois ang nakaranas ng kawalan ng tirahan sa loob ng 2017-2018 na taon ng pag-aaral, tulad ng iniulat sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Sa kabuuang iyon, 467 mga mag-aaral ang walang masilungan, 5,140 ang nasa mga kanlungan, 2,037 ang nasa mga hotel/motel, at 44,875 ang nadoble (pagkakaroon ng isa o higit pang mga adulto bukod sa pinuno ng sambahayan at asawa o kinakasama, tulad ng isang anak na nasa hustong gulang na naninirahan sa bahay, dalawang magkamag-anak o hindi magkamag-anak na pamilya na magkasamang naninirahan, o isang magulang na naninirahan kasama ang isang anak na nasa hustong gulang); at,

SAPAGKAT, ayon sa COVID-19 Eviction Crisis Study ng Unibersidad ng Illinois sa Chicago at Unibersidad ng Timog Illinois, mayroong 414,000 mga sambahayan sa Illinois ang nangungupahan na may mababang kita at may hindi bababa sa isang miyembro na nagtatrabaho sa isang industriya na naapektuhan ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, tinatayang 60,000 na pagpapalayas ang inaasahang magaganap sa 2021, triple ang bilang sa 2019 dahil sa epekto sa ekonomiya ng COVID-19 at ang pagtatapos ng moratoryum sa pagpapaalis, ayon sa The Eviction Lab sa Unibersidad ng Princeton; at,

SAPAGKAT, ang mga taong hindi puti ay nakakaranas ng labis na mga negatibong bunga ng COVID-19. Ang mga pamayanang hindi puti, na napagkaitan mula sa mahabang kasaysayan ng rasismo na nagpahina sa kanilang katatagan sa pananalapi at seguridad sa pabahay, ngayon ay mas lalo pang lumala ang kanilang mga paghihirap dahil sa nagpapatuloy na pandemya. Ang mga programa at patakaran sa pagsugpo ng kawalan ng tirahan at seguridad sa pabahay ay dapat isama at unahin ang isang balangkas na may kamalayan sa lahi at pagbubuo ng desisyon na nakabatay sa pagkakapantay-pantay; at,

SAPAGKAT, ang panunumbalik mula sa pandemya ay dapat na may kasamang makabago at pangmatagalang mga pamamaraan upang suportahan ang mga indibidwal na nasa panganib ng kawalang-seguridad sa pabahay bilang isang direktang resulta ng kasalukuyang krisis sa COVID-19, pati na rin ang mga indibidwal na nakakaranas ng palagiang kawalan ng tirahan. Dahil ang kawalan ng tirahan ay nakaugat sa isang kumplikadong hanay ng mga isyu, kabilang ang kalusugan sa pag-iisip, karamdamang may kaugnayan sa pagabuso ng droga, kahirapan, rasismo, karanasan sa sistema ng koreksiyonal, at masaklap na karanasan na sanhi ng karahasan, ang pagpapatupad ng sistematikong pagbabago upang wakasan ang kawalan ng tirahan ay nangangailangan ng isang mataas na antas ng koordinasyon at kooperasyon sa mga pederal, estado, at mga lokal na pamahalaan, pati na rin ang pribadong sektor at mga mapagkawang-gawang stakeholder.

SAPAGKAT, hinihiling ng Illinois Homeless Prevention Act (310 ILCS 70) sa Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois na magtatag ng isang programa para sa pagsugpo ng kawalan ng tirahan ng pamilya at programa ng patulong upang mapanatili ang mga pamilya sa kanilang

kasalukuyang tinitirhan, upang paikliin ang dami ng oras na ang mga pamilya ay manatili sa mga kanlungang pang-emerhensiya, at upang matulungan ang mga pamilya na magkaroon ng abot-kayang pansamantala o permanenteng pabahay; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Youth Homelessness Prevention Subcommittee Act (15 ILCS 60) ay nilikha upang himukin ang estratehikong bisyon ng Estado para sa pagsugpo ng kawalan ng tirahan sa mga kabataan na umaalis sa mga sistemang pangangalaga ng Estado; at,

SAPAGKAT, ang pagtatag ng isang Interagency Task Force at ng Community Advisory Council sa buong estado ay isang mahalaga at mabisang kasangkapan sa planong iwasan ang kawalan ng tirahan at suportahan ang mga tao at mga pamilyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan, pagsalig sa koordinasyon sa pagitan ng mga ahensya na sinimulan bilang tugon sa COVID-19 at pagsasama-sama ng mga mapagkukunan ng Estado para sa pangkalahatang layunin na ito, inuuna ang pakikipagtulungan sa pamayanan sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga solusyon, at pagkuha mula sa malalim na kaalaman ng mga asset tulad ng mga lokal na awtoridad sa pabahay, mga network ng pagpapatuloy ng pangangalaga, at mga tagapagtaguyod ng pabahay;

SAMAKATWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, sa pamamagitan nito ay nag-uutos ng mga sumusunod:

1. Ang isang Illinois Interagency Task Force on Homelessness ("Task Force") ay itinatag.
2. Ang isang Community Advisory Council on Homelessness ("Community Advisory Council") ay itinatag.
3. Ang isang Homelessness Chief ng Estado ("Chief") ay itinatag, na mailalagay sa Illinois Department of Human Services ("IDHS", Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois) at para magreport sa Kalihim ng IDHS. Ang Chief ay pamumunuan ang Task Force, kapwang pamumunuan ang Community Advisory Council, at pangungunahan ang komprehensibong pagsisikap ng Estado upang mabawasan ang kawalan ng tirahan at hindi kinakailangang institusyonalisasyon sa Illinois, mapabuti ang mga resulta ng serbisyong pangkalusugan at pantao para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, at palakasin ang mga pananggalang na nag-aambag sa katatagan ng pabahay. Ang Chief ay magsisilbing tagagawa ng patakaran at tagapagsalita sa pagsugpo ng kawalan ng tirahan, kabilang ang pag-uugnay sa pagsisikap ng iba't ibang mga ahensya sa pamamagitan ng batas, panuntunan, at badyet at pakikipag-usap sa Illinois General Assembly, pederal, at mga lokal na pinuno sa mga kritikal na isyung ito.
4. Ang Task Force, sa ilalim ng pamumuno ng Chief, ay dapat magpulong ng hindi bababa sa apat na beses sa isang taon at dapat na:
 - a. Magplano para at bumuo ng isang plano ng Estado, na maibibigay sa Gobernador at sa General Assembly sa Marso 30, 2022, upang matugunan ang kawalan ng tirahan at hindi kinakailangang institusyonalisasyon na may mga layuning makamit ang functional zero na kawalan ng tirahan, pagpapabuti ng mga resulta ng mga serbisyong

- pangkalusugan at pantao para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, at pagpapalakas ng mga pananggalang na nag-aambag sa katatagan ng pabahay.
- b. Magrekomenda ng mga pagbabago sa patakaran, regulasyon, at mapagkukunan na kinakailangan upang makamit ang mga hangarin at layunin na inilatag sa plano ng Estado.
 - c. Maglingkod sa pamahalaan ng Estado at sa pangkalahatang Estado bilang isang tagapagtaguyod para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.
 - d. Maglaan ng pamumuno sa at makipagtulungan sa mga bumubuo at nagpapatupad ng mga lokal na plano upang wakasan ang kawalan ng tirahan sa Illinois, kasama ang, ngunit hindi limitado sa Community Advisory Council at mga miyembro nito.
 - e. Tipunin ang mga stakeholder, customer, at mga tagapagtaguyod upang ipagbigay-alam ang mga rekomendasyon sa patakaran ng Task Force, kung kinakailangan.
 - f. Magrekomenda ng mga mapagkukunan na kinakailangan para sa matagumpay na pagpapatupad at pangasiwaan ang pagpapatupad na iyon.
 - g. Magrekomenda at magsulong ng mabisang pagtutulungan sa pagitan ng mga ahensya at pagsasama ng sistema upang matipon ang mga kaugnay na pagsisikap, kasama ang koordinasyon sa Illinois Youth Homelessness Prevention Subcommittee, Illinois Commission on the Elimination of Poverty, at Illinois Commission to End Hunger sa pagbabalangkas ng mga rekomendasyon sa patakaran na nauugnay sa koneksyon ng kawalan ng tirahan at kahirapan.
 - h. Magrekomenda ng kinakailangang mga pagbabago sa patakaran, regulasyon, at pamamahagi ng mapagkukunan; gumawa ng mga rekomendasyon sa pangangasiwa na sisiguraduhin ang pananagutan, mga resulta, at tuluy-tuloy na tagumpay; at bumuo ng mga tiyak na panukala at rekomendasyon para sa aksyon na ibibigay sa Gobernador at sa General Assembly.
 - i. Maghanda ng isang taunang ulat sa Gobernador at General Assembly sa ika-1 ng Disyembre ng bawat taon, simula sa Disyembre 1, 2022, na nagbubuod ng mga aktibidad ng Task Force, na nagbubuod ng progreso sa pagpigil at pagsugpo ng kawalan ng tirahan sa Illinois, na nagbubuod sa mga rekomendasyon ng Community Advisory Council at ng mga tumutugong rekomendasyon at pagkilos ng Task Force; at pag-uulat tungkol sa mga resulta at hakbang na nauugnay sa kawalan ng tirahan.
5. Ang mga kasapi ng Task Force ay dapat binubuo ng mga matagal sa panunungkulan na miyembro ng mga ahensya ng Estado na hihirangin ng Gobernador, sa pakikipagkonsulta sa Chief, na may kaugnayan sa pagsugpo at pag-iwas sa kawalan ng tirahan.
- a. Dapat isama sa pagiging kasapi ng Task Force ang mga sumusunod:
 - i. Ang Chief, na magsisilbing Task Force Chair.
 - ii. Isang miyembrong kumakatawan sa Housing Development Authority ng Illinois.
 - iii. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Human Services ng Illinois.
 - iv. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Healthcare and Family Services ng Illinois, na may kadalubhasaan sa mga isyung nauugnay sa mga sistema ng paghahatid ng pangangalaga sa kalusugan.

- v. Isang miyembrong kumakatawan sa Illinois State Board of Education, na may kadalubhasaan sa mga programang pang-edukasyon na naglilingkod sa mga mag-aaral at mga pamilya na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.
- vi. Isang miyembrong kumakatawan sa Illinois Board of Higher Education, na may kadalubhasaan sa mga programang pang-edukasyon na naglilingkod sa mga mag-aaral at mga pamilya na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.
- vii. Isang miyembrong kumakatawan sa Illinois Community College Board, na may kadalubhasaan sa mga programang pang-edukasyon na naglilingkod sa mga mag-aaral at mga pamilya na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.
- viii. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Corrections ng Illinois.
- ix. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Veterans' Affairs ng Illinois.
- x. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Children and Family Services ng Illinois.
- xi. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Public Health ng Illinois.
- xii. Isang miyembrong kumakatawan sa Department on Aging ng Illinois.
- xiii. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Juvenile Justice ng Illinois.
- xiv. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Commerce and Economic Opportunity ng Illinois, na may kadalubhasaan sa mga isyung nauugnay sa kaunlaran ng mga manggagawa.
- xv. Isang miyembrong kumakatawan sa Department of Employment Security ng Illinois.
- xvi. Isang miyembrong kumakatawan sa Illinois State Police.
- xvii. Sa rekomendasyon ng Chief, isang miyembro, bawat isa, mula sa mga karagdagang ahensya ng Estado ay maaaring hirangin kung kinakailangan para sa gawain ng Task Force.

6. Ang Community Advisory Council ay dapat magpulong ng hindi bababa sa apat na beses sa isang taon upang talakayin at magrekomenda sa Task Force tungkol sa kawalan ng tirahan at hindi kinakailangang institusyonalisasyon na may mga layuning makamit ang functional zero na kawalan ng tirahan, pagpapabuti ng mga resulta ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, at pagpapalakas ng mga pananggalang na nag-aambag sa katatagan ng pabahay.

7. Ang Community Advisory Council ay dapat binubuo ng magkakaibang mga stakeholder na kumakatawan sa mga layunin at populasyong inilarawan sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, na hihirangin ng Gobernador. Ang mga miyembro ay dapat na magkakaiba ng heyograpiya upang kumatawan sa mga pangangailangan ng mga pamayanang lunsod, suburban, at kanayunan sa buong Illinois. Maaaring isama ng Chief ang sinumang kawani ng ahensya ng Estado na sa palagay nila ay kinakailangan bilang *ex officio*, mga miyembro ng Community Advisory Council na hindi bumoboto.

a. Ang Community Advisory Council ay dapat binubuo ng:

- i. Ang Chief ay magsisilbing co-chair kasama ang isa pang miyembro ng Community Advisory Council, mula sa mga itinalaga sa ibaba, na hihirangin ng Gobernador.
 - ii. Tatlong miyembro na may karanasan sa buhay, na maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa mga dating nakulong, mga beterano, at mga kabataan (16 hanggang 25 taong gulang).
 - iii. Miyembro na kumakatawan sa mga taong may kapansanan.
 - iv. Dalawang miyembro mula sa sektor ng pribadong pagpopondo sa pagkakawanggawa.
 - v. Miyembro na kumakatawan sa isang organisasyon ng pagtataguyod ng kalusugan sa pag-uugali sa buong estado.
 - vi. Miyembro na kumakatawan sa isang organisasyon ng pagtataguyod sa pabahay sa bung estado.
 - vii. Minimum na dalawang miyembro na kumakatawan sa lokal na Pagpapatuloy ng Pangangalaga.
 - viii. Minimum na tatlong miyembro na kumakatawan sa mga lokal na yunit ng pamahalaan (munisipal, lalawigan at/o bayan).
 - ix. Dalawang pangkalahatang miyembro, na maaari o hindi maaaring matugunan ang mga kuwalipikasyong hinihiling para sa iba pang mga hinirang.
8. Kapwa ang Task Force at ang Community Advisory Council ay dapat magsikap na mamahala nang nagkakaisa; gayunpaman, hangga't ang bawat isa ay may korum, maaari nilang sang-ayunan ang mga hakbangin at gumawa ng mga rekomendasyon batay sa pinaninindigang boto ng karamihang mga miyembro na naroroon.
 9. Ang mga miyembro ng Task Force at ng Community Advisory Council ay dapat maglingkod sa kalooban ng Gobernador at magkaroon ng panunungkulan ng tatlong taon. Kung mayroong isang pagkabakante para sa anumang kadahilanan, ang Gobernador ay dapat gumawa ng isang paghihirang na magiging epektibo kaagad para sa nalalabing tatlong-taong termino. Hangga't patuloy silang kwalipikado para sa puwestong kanilang ginagampanan, ang mga miyembro ay dapat magpatuloy na maglingkod hanggang sa maganap ang susunod na paghihirang o muling paghihirang.
 10. Bilang karagdagan sa anumang mga batas, patakaran, o pamamaraan na maaari nilang gamitin, ang lahat ng pamamahala ng Task Force at ng Community Advisory Council ay sasailalim sa mga probisyon ng Illinois Freedom of Information Act (5 ILCS 140/1 *et seq.*) at ng Illinois Open Meetings Act (5 ILCS 120/1 *et seq.*). Hindi ito bibigyang kahulugan upang pigilan ang ibang mga batas mula sa pag-aplay sa Task Force at sa Community Advisory Council at ng kani-kanilang mga aktibidad.
 11. Ang Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois ay dapat magbigay ng suportang pang-administratibo sa Task Force at sa Community Advisory Council.

12. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang batas o regulasyon ng pederal o estado. Maliban kung partikular na isinangguni sa Kautusang ito, walang anuman sa Kautusang ito ang makakaapekto o makapagbabago sa umiiral na mga kapangyarihang ayon sa batas ng anumang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling paghihirang o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.
13. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap.
14. Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ipinapatupad at may bisa. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.
15. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado at mananatiling may bisa hanggang sa bawiin.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Setyembre 3, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Setyembre 3, 2021